

LISTAHAN NG MGA KALALABASAN SA ANTAS NG MGA TAO AT ANTAS NG MGA SISTEMA

- A. Binibigkas ng **mga kalalabasan sa antas ng mga tao** ang masusukat na epekto ng inisyatibo para sa lahat ng mga tao sa kalusugan, edukasyon, at ekonomikong oportunidad, pati na ang pagtaas sa pamumuno ng kababaihan sa lahat ng antas sa mga sektor na ito at batas at ekonomiko sa partikular.

Tandaan na hindi nilalayon ang listahan sa ibaba bilang checklist, pero isenyas na ang magkakaibang aspeto ay mahalaga at maaaring ipatupad sa inisyatibo at klase ng grant. Sa pinakamababang antas, lahat ng kalalabasang tinukoy ay dapat paghiwalayin ayon sa kasarian; interesado rin kaming makakita ng higit pang intersectional na paghiwalay na nauugnay sa konteksto mo.

1. **Mga pinahusay na kalalabasan na patas sa kasarian para sa kalusugan, edukasyon, at ekonomikong oportunidad** para sa lahat ng tao at bata sa magkakaibang kasarian. Pakipili sa ibaba ang isa o higit pa sa sumusunod na kalalabasan sa antas ng mga tao na nauugnay sa inisyatibo mo. KAILANGAN PARA SA MGA ANCHOR GRANT.

- **Malaking paghusay ng mga kalalabasan sa kalusugan, dahil sa pinabuting access sa at/o kalidad ng pangangalaga sa kalusugan, sinukat ng:**
 - Dami ng namamatay
 - Sakit ng katawan
 - Rate ng Paglaganap ng Modernong Contraceptive o Modern Contraceptive Prevalence Rate (mCPR)
 - DALYs (disability-adjusted life years – mga taon ng buhay na inayon sa kapansanan)
 - Pagbaba ng bilang ng pagkabansot at pamamayag/panghihina ng mga musmos na bata
 - **Malaking paghusay ng mga kalalabasan sa edukasyon, sinukat sa isa o higit pa sa mga sumusunod na bahagi:**
 - Mga batang “handa sa paaralan” kapag nagsisimula ng elementaryang paaralan
 - Payak na kakayahang magbasa at magsulat at magbilang sa mga elementaryang baitang at/o kakayahang magbasa at magsulat ng adult
 - Pagtatapos ng edukasyong sekondarya, lalo na para sa mga babae
 - Pagkamit ng nasusukat, kritikal na kakayahan sa “mas malalim na pag-aaral” (hal., kakayahang magsuri, magdahilan, kritikal na mag-isip, lumutas ng problema)
 - **Malaking paghusay ng mga kalalabasan sa ekonomiya, sinukat bilang mga pagbuti sa isa o mas marami pa sa mga sumusunod na lugar:**
 - Kalidad (ligtas, matatag, patas na nabayaran) mga pagkakataong kumita/mga trabaho
 - Mga taong pumapasok at nananatiling nasa de-kalidad na oportunidad na kumikita/trabaho
 - Mga netong kita mula sa mga aktibidad na kumikita, at/o mga ari-arian ng sambahayan
 - Halaga ng mga ari-arian ng sambahayan na makikitang nagpapataas sa katatagan ng sambahayan at/o potensiyal kumita
2. **Pinalakas na kapangyarihan at ahensiya kasama ng kababaihan at mga batang babae.** Kinikilala namin na ang kapangyarihan at kalalabasan ng ahensiya ay mabibigkas sa magkakaibang paraan, at hinihikayat ang mga aplikante para itampok ang mga pinakanauugnay sa mga inisyatibo nila. Ang listahan sa ibaba ay naglalarawan sa klase ng kapangyarihan at kalalabasan ng ahensiya na inaasam namin:
- Dagdag na kakayahang gumawa at kumilos sa mga desisyon
 - Dagdag na kapangyarihan sa pakikipag-kasundo
 - Dagdag na kontrol sa mga dulugan (kaugnay sa kalusugan, edukasyon, at/o ekonomikong oportunidad)

3. Dagdag na pamumuno ng kababaihan sa kalusugan, edukasyon, at/o ekonomikong oportunidad.

Tutukuyin ng mga aplikante kung paano sinusulong ng inisyatibo ang pamumuno ng kababaihan sa antas – sambahayan, komunidad, institusyonal – na nauugnay sa konteksto. Ang listahan sa ibaba ay naglalarawan sa klase ng pamumuno na inaasam namin:

- Dagdag na bilang ng kababaihang namumuno na may kakayahang gumawa at kumilos sa mga desisyon
- Dagdag na bilang ng mga feminista na namumuno
- Dagdag na pinagsamang pamumuno sa kababaihan at mga batang babae

4. Dagdag na pamumuno ng mga kababaihan sa mga domain ng Batas at Ekonomiko. Lahat ng Domain at Pre-Domain na maagang yugto ng mga inisyatibo kung paano isinusulong ng inisyatibo ang pamumuno ng mga kababaihan sa pangunahing institusyon na makabuluhan para sa konteksto.

- Dagdag na bilang ng kababaihang namumuno na may kakayahang gumawa at kumilos sa mga desisyon
- Dagdag na bilang ng mga feminista na namumuno
- Dagdag na pinagsamang pamumuno sa kababaihan at mga batang babae

B. Tinutulungan ng **mga kalalabasan sa antas ng sistema** ang mga inisyatibo naming maging mas hayagan tungkol sa kung ano ang itsura ng pinabuting sistema. Nasa ibaba ang listahan ng mga naglalarawang antas ng sistema na kalalabasan. Nilalayan ito bilang menu pero para isenyas ang konsiderasyon ng magkakaibang elemento ng mga kalalabasan ng antas ng sistema na nauugnay na maaaring mahalaga sa pagbabago sa sistema sa kontekstong iyon na maaaring matagalan at makabuluhan.

- Ang pinabuting pormal na aspeto ng sistema, hal., mga patakaran, alituntunin, regulasyon, istraktura, badyet, mekanismo sa pagpopondo, atbp.
- Pinabuting mga impormal na aspeto ng mga sistema hal., mga kapasidad, insentibo, motibasyon, istraktura ng pananagutan, atbp.
- Mga pinabuting panlipunang kagawian, kasanayan sa komunidad, kultura ng organisasyon, atbp.
- Pinabuting inklusyon ng pananagutan sa mga makasaysayang mahihirap.

Sa mga aspetong ito, masigasig naming makikita kung paano kumikiling ang sistema patungo sa higit na pagkapatas at inklusyon, at kung ang mga pagbabagong ito ay ini-institutionalize sa buong sistema.